# Kinakailangan ba ninyo ng tulong upang mabayaran ang inyong mga bayarin na pang-utility?

**Nahuhuli ka ba o nahihirapang bayaran ang inyong bayarin sa Seattle City Light (kuryente) o Seattle Public Utilities (tubig/sewer/basura)?**

Narito kami upang tumulong! Kami ay nagaalok ng mga opsyon sa pagbabayad at mga programa ng tulong sa pagsingil upang matulungan ang aming mga mamimili na makahabol at manatiling nakatutok sa kanilang mga bayarin sa utility.

## Mga Plano sa Pagbabayad

### Mga Plano sa Pagbabayad ng Seattle City Light at ng Seattle Public Utilities

Kung ang inyong bayarin sa Seattle City Light (kuryente) at sa Seattle Public Utilities (tubig/sewer/basura) ay lumampas na, kami ay nag-aalok na programa ng pagbabayad para sa lahat ng mga residente at negosyante na mamamayan. Sa pamamagitan ng planong pagbabayad, mababayaran ninyo ang inyong balanse sa pamamagitan ng mga maliliit na hulugan sa pinag-kasunduan na panahon. Sa pamamagitan ng inyong pagbabayad ng mga bagong bayarin sa utility at sa mga plano ng pagbabayad ng hulugan ayon sa takdang oras, mapapanatili ninyo ang mga serbisyong pang-utility at maiwasan ang pagputol ng mga serbisyong ito dahil sa hindi pagbabayad.

## Mga Programa sa Pagtulong Para sa mga Babayaran

Kung kayo ay isang residensyal na mamamayan at matutugunan ninyo ang mga kinakailangang gawin upang maging karapat- dapat sa programang ito, maaari kayong maging kwalipikado para sa tulong na ito at tuloy-tuloy kayong matulungan para sa pagbabayad.

## Programang Pag-didiskwento ng Utility

Maaaring mag-enrol ang mga tao or mga residente na kwalipikado batay sa kanilang kita sa Programang Pag-didiskwento sa Lungsod ng Seattle, na nag-aalok ng 60% diskwento sa mga hinaharap na mga bayarin para sa Seattle City Light at ng 50% diskwento sa mga hinaharap na mga bayarin para sa Seattle Public Utilities.

## Mga Programang Emerhensiyang Pagtulong sa Bayarin

### Seattle City Light

Kung kayo'y atrasado sa inyong bayarin sa kuryente at ang inyong serbisyo ay nanganganib na maputol, maaaring makatulong ang Programa ng Emerhensiyang Pagtulong sa mga Bayarin ng Seattle City Light. Mga karapat-dapat na mga customer batay sa kanilang kita ay maaaring makatanggap ng hanggang $710 bawat taon ng kalendaryo sa emerhensiyang tulong upang mabawasan ang kanilang mga nakalipas balanse. Ang mga sambahayan na may mga anak ng mas bata sa18 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat para sa hanggang $1,420 bilang tulong bawat taon ng kalendaryo.

### Seattle Public Utilities

Kung kayo'y atrasado sa inyong bayarin sa tubig, imburnal, o basura at ang inyong serbisyo ay nanganganib na maputol, maaaring makatulong ang Programa ng Emerhensiyang Pagtulong ng Seattle Public Utilities. Ang mga customer na karapat-dapat gawa ng kanilang kita ay maaaring makatanggap ng hanggang $537 bawat taon ng emerhensiyang tulong upang mabawasan ang kanilang nakalipas na balanse. Ang mga sambahayan na may mga anak na ang edad ay mas bata sa 18 taong gulang ay maaaring maging karapat-dapat ng hanggang $1,074 bawat taon ng kalendaryo.

Seattle

**Alamin pa ng husto sa seattle.gov/UtilityBillHelp**

## Makipag-ugnayan sa amin

Kung kayo ay nahuhuli sa inyong pagbabayad ng dapat bayaran na mga utility o naghihirap na makabayad kada buwan, maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo upang maka-gawa ng planong pagbabayad at makapag-aplay ng tulong para sa pagbabayad upang inyong mapanatili ang mga serbisyo ng inyong utility.

### Bisitahin kami sa online

Bisitahin kami sa seattle.gov/UtilityBillHelp upang maka-gawa ng planong pagbabayad, at maki-lahok sa tulong ng pagbabayad, at mabayaran lahat ng inyong balanse.

### Tawagan ang aming Pangkat ng Pagsiserbisyo sa mga Mamamayan

Tawagan kami sa (206) 684-3000 (Lunes -Biyernes; 7:30 am - 6:00 pm) upang magawang makabayad, makipag-usap sa isang kinatawan tungkol sa paglalapat ng plano pagbabayad, o mag-aplay para sa mga programang tumutulong sa pagbabayad ng mga kailangan bayaran. Kung kayo ay nangangailangan ng tulong sa wika maliban sa wikang Ingles, ang aming pangkat sa pangangalaga ng mga mamamayan ay tutulong sa inyo na walang gagastuhin sa inyong sariling wika.

### Bisitahin ang aming mga Sentro ng Serbisyo ng Mamamayan

Bumisita sa isang Sentro ng Serbisyo para sa ng mga Mamimili upang magbayad ng mga dapat bayaran ng personal sa pamamagitan ng pera, tseke, o credit card.

**Ang Sentro ng Serbisyo sa Hilaga ng Seattle City Light**
1300 N 97th Street, Seattle, WA 98103 | Lunes - Biyernes; 8:30 am - 4:30 pm | (206) 615-0600

**Ang Sentro ng Serbisyo sa Timog ng Seattle City Light**
3613 4th Avenue S, Seattle, WA 98134 | Lunes - Biyernes; 8:30 am - 4:30 pm | (206) 386-4200

**Sentro ng Serbisyo sa Ballard**
5604 22nd Ave NW, Seattle, WA 98107 | Martes - Biyernes; 9 am - 5 pm | (206) 684-4060

**Sentro ng Serbisyo sa Central District**
464 12th Avenue, First Fl, Seattle, WA 98122 | Martes - Biyernes; 9 am - 5 pm | (206) 684-4767

**Sentro ng Serbisyo sa Downtown**
700 Fifth Avenue, Seattle, WA 98104 | Lunes - Biyernes; 8:30 am - 4 pm | (206) 684-3000

**Sentro ng Serbisyo sa Lake City**
12525 28th Ave NE, 2nd Fl, Seattle, WA 98125 | Martes - Sabado; 9 am - 5 pm | (206) 684-7526

**Sentro ng Serbisyo sa Timog-Silangan**
3815 S Othello St, Suite 105, Seattle, WA 98118 | Lunes - Sabado; 9 am - 5 pm | (206) 386-1931

**Sentro ng Serbisyo sa Timog-Kanluran**
2801 SW Thistle St, Seattle, WA 98126 | Lunes - Biyernes; 9 am - 5 pm | (206) 684-7417

**Ang Sentro ng Serbisyo sa Unibersidad**
4534 University Way NW, Seattle, WA 98105 | Martes - Sabado; 9 am - 5 pm | (206) 684-7542